# ★★★ ANG BAGONG ★★★
# BALIWAG

ULAT SA LUNGSOD PARA SA WALONG TAON NG SERBISYONG MAY MALASAKIT NI

**MAYOR FERDIE V. ESTRELLA**





# MGA NILALAMAN



02 Mensahe ni Mayor Ferdie V. Estrella
03 Alagang Estrella sa Edukasyon at Kabataan
04 Tulong sa Pampublikong Edukasyon
05 Special Education / ALS / Madrasah
06 BTECH
07 Programa sa Isports
08 Programa sa Kabataan
09 Employment Facilitation Programs
10 Awards on Youth
11 Mga Bagong Nagbukas na Negosyo
12 Trailblazing Business Center
13 New Baliwag City Public Market
14 Hatid Kabuhayan
15 Programa sa Agrikultura
16 Programa sa Agrikultura
17 Baliwag City Rice Mill and Dryer Facility
18 Buntal Festival
19 Turismo sa Baliwag
20 Competitiveness
21 Business-Friendliness
22 CDRRMO Matatag Building
23 Hightech Command Center
24 Tulong Pangkaayusan at Kapayapaan sa Baliwag PNP, BFP, at BJMP
25 Nagliliwanag na Baliwag
26 Seal of Good Local Governance
27 Awards in Health and Social Services
28 Isang Ambulansya Kada Barangay
29 Programa para sa OSCA
30 Programa para sa PWD at Solo Parents
31 Libreng Panganganak
32 Baliwag City Hemodialysis Center
33 Nutrition
34 Hatid Kalinga Program
35 Animal Bite and Blood Center
36 Barangay Dalaw / Agapay kay Nanay
37 Libreng Pabahay sa Piel / Baliwag Balay Silangan Reformation Center
38 Pamamahagi ng Bigas tuwing Pasko
39 Assistance to Individuals in Crisis Situations (AICS)
40 Covid Response
41 Manila Bayani Awards
42 Yes to Baliwag City
43 Maayos na Pangangasiwa ng Pananalapi
44 HighFVE sa Barangay
45 Programa ng Tanggapan ng Punong Lungsod
46 Barangay at Education Summit
47 Computerization, Automation, Digitalization
48 Reporma sa Lokal na Pamahalaan
49 Updated Baliwag Plans and Codes
50 Awards sa E-Governance
51 Baliwag Central MRF
52 Pangangalaga sa Kapaligiran
53 Mga Naipagawa
54 Mga Naipagawa
55 Mga Naipagawa
56 Mga Proyekto sa Hinaharap
57 Complete List of Awards
58 Complete List of Awards
59 Complete List of Awards


ANG BAGONG BALIWAG

ULAT SA LUNGSOD PARA SA WALONG TAON NG SERBISYONG MAY MALASAKIT NI

MAYOR FERDIE V. ESTRELLA






# MENSAHE

Sa nakalipas na walong taon, na ako ay tatlong beses ninyong pinagkatiwalaan bilang Ama ng bayan, at ngayon ay lungsod ng Baliwag, taos puso po ang aking pasasalamat.

Sa simula pa lamang, ipinakilala na natin ang Serbisyong May Malasakit bilang puso at kaluluwa ng aking paglilingkod. Ito ang pamantayan, at kulturang ating isinulong na ating inilalarawan sa limang katangian—ang pagiging magiliw, maagap, mahusay, maasahan, at magkakatuwang.

Maraming reporma tayong inilunsad, maraming programa tayong nagawa, maraming kababayan tayong naabot, maraming mamumuhunan ang nagtiwala sa atin.

Subalit, sa kabila ng mga tagumpay na ito, marami ring pagsubok ang ating hinarap, kabilang dito ang banta sa aking buhay nang ako ay tamaan ng Covid 19. Ganunpaman, hindi ito naging hadlang, bagkus, ito ay naging hakbang at nagbigay daan upang higit tayong maging matatag, estratehiko, at nagkakapit-bisig para mapagtagumpayan ang mga balakid.

Kung magbabalik-tanaw po ako sa aking dinatnan, at sa kung anong estado ang ating narating sa kasalukuyan, tunay na may ngiti sa aking mga labi at kapanatagan sa aking puso ang hatid nito. Mula ika-960 munisipyo sa bansa, tayo ang ika-2 Most Competitive Municipality sa buong Pilipinas ngayon, dahilan upang tayo ay lapitan ng mga malalaking mamumuhunan.

Mula pagiging kulelat sa Nutrisyon sa hanay ng mga bayan sa Bulacan, tayo po ay No. 1 na rin ngayon sa hanay ng mga lungsod sa buong Gitnang Luzon. Maliban pa dito, ang Baliwag din ay consistent recipient ng Seal of Good Local Governance, Hall of Famer sa Manila Bayani Award, 4-Time National Champion sa Digital Governance, ISO 9001:2015 Certified for Quality Management System, at consistent national finalist bilang Most Business Friendly LGU sa buong bansa.

At ang aking pangarap na mai-level-up ang Baliwag mula sa pagiging bayan, ganap na tayong lungsod, ang ika-148 sa bansa, at ikaapat sa lalawigan ng Bulacan.

Ang Baliwag rin po ang laging rekomendado ng DTI, DILG, at DENR para sa best practices sa ease of doing business, at solid and liquid waste management.

At sa gitna ng ating mga inobasyon at reporma sa pamamahala, higit pa nating pinaigting at pinalawig ang mga serbisyo upang ilapit sa ating mga kababayang nangangailangan sa barangay gaya ng ating High FVE sa Barangay Serbisyong May Malasakit Caravan at ang libreng edukasyon ECC, technical vocational, hanggang Kolehiyo, at masteral din para sa mga pampublikong guro.

Malayo na nga pero malayo pa ang ating nais marating. Marami pang proyekto ang hindi natin masisimulan dahil sa limitadong mandato sa termino ng paglilingkod, kaya mahalaga na maipagpatuloy ito ng susunod sa akin. Hindi na po tayo babalik sa simula, hindi po tayo lalakad na paurong. Dapat tayong sumulong, at ipagpatuloy pa ang napakarami na nating malalaki at makabuluhang programa at proyekto na atin ng nasimulan at pinakikinabangan na ng marami.

Kaya, sama-sama po nating tunghayan sa babasahing ito ang ilan sa mahahalagang ginawa natin, ang ating mga tagumpay sa ating mahal na Baliwag City.

Maraming salamat po!

**FERDINAND V. ESTRELLA**
Punong Lungsod

DUGONG BALIWAG
PUSONG BALIWAG






# "NO COLLECTION POLICY" SA ECCD






Ibinalik ni Mayor Ferdie ang **"No Collection" Policy sa Early Childhood Care and Development (ECCD) Program**. Dahil dito, walang kailangang bayaran ang magulang na may anak sa 34 ECCD centers. Sa tala ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO), umabot na sa **15,728 bata** ang nakapag-enrol sa ECCD mula school year 2016 hanggang sa kasalukuyan.

Pinalawig din ni Mayor Ferdie ang mga ayuda sa ECCD gaya ng **Libreng Kagamitan** (uniporme, bag, gamit pang-eskwela, at workbooks), **Supplementary Feeding Program**, **Dental Care, Parenting Effectiveness Seminars**, at **Capacity Development Programs** para sa mga guro.



# TULONG SA PAMPUBLIKONG EDUKASYON




## PAGSASAAYOS NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

Patuloy ang pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod sa DepEd sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa pamamagitan ng Special Education Fund o SEF. Para sa maayos, ligtas, at kumportableng pamamalagi ng mga mag-aaral at guro sa mga paaralan, tinutukan ng City Engineering Office ang pagsasaayos ng mga pasilidad at tanggapan sa mga paaralang pampubliko.

Dahil sa pandemya, nabalam ang pagpapagawa ng mga karagdagang public elementary at integrated schools, subalit sinisimulan na ang pagpalano para sa mga sumusunod na paaralan: **Pagala Elementary School, Pinagbarilan High School, Subic Integrated School, Sto. Niño Elementary School, Sta. Barbara High School, Science High School, at Agricultural High School.**

## ICT LAB

Nagpalagay rin ng **ICT Laboratory** si Mayor Ferdie para sa lahat ng pampublikong paaralan sa Baliwag. Ang ICT Lab ay maroon mga computer, printer, at internet, para magamit ng mga mag-aaral.





## MGA LIBRO PARA SA ELEMENTARYA

Para sa karagdagang mga aklat at iba pang babasahin sa pampublikong paaralan, nagpa-print ng Activity Books mula Kinder hanggang Grade III, Pagtuturo ng Pagbasa Marungko Technique for Grade III, ECCD Checklist for Kinder, Teachers Induction Program, School Health Examination Card for Kinder to Grade III pupils, at Self Learning Kit for Kinder. Ang Baliwag din ang kauna-unahang nagpatupad ng localized curriculum sa pamamagitan ng paglilimbag ng libro tungkol sa kasaysayan ng Baliwag na itinuturo sa Grade III.






## MGA BAGONG GAMIT SA PAGTUTURO

Mula pa rin sa SEF, bumili ng mga makabagong gamit para makasabay sa mga pagbabago sa paraan ng pagtuturo katulad ng **Printer at Laminator Machine for Alternative Learning System, Hygiene Kits, Lapel para sa Elementary Teachers, ICT Laboratory Equipment, TVL Home Economics Strands, Sound System, at Aircon.** Isa sa maipagmamalaki ang ginawang Smart Laboratory sa Baliwag North Central School. Dahil sa mga makabagong computers at libreng internet, nagkaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na matutong gamitin ang advanced technology at software na makakatulong sa kanilang pang-akademikong pag-unlad at at pagiging handa sa mga hamon ng makabagong panahon.

## SCHOLARSHIP PROGRAM PARA SA PUBLIC SCHOOL TEACHERS

Dahil malahaga kay Mayor Ferdie na maipagpatuloy ng mga guro ang mas mataas na p ag-aaral, inilunsad ni Mayor Ferdie ang BaliwagHenyo Scholarship Program. Nasa **37 guro ang nahandugan ng libreng scholarship** para sa kanilang Doctoral at Masteral Degree. Kabilang dito ang 2 guro na nagtapos ng Doctoral Degree at 35 guro na nagtapos ng Masteral Degree.






## SPECIAL EDUCATION / ALS / MADRASAH

# SPECIAL EDUCATION (SPED)

Sa inisyatibo ni Mayor Ferdie, naipatayo ang **Special Education (SPED) Building** noong 2019, para sa ating SPED learners. Ito ay may Therapy Room na may comfort room para sa mga may kapansanan. Tatlong fully-furnished na silid-aralan na may wall fans, flat screen TVs, dining at kitchen areas, washing machine para sa life skills laboratory, receiving hall na may TV, at kumportableng sofa set, na nagbibigay ng dekalidad na edukasyon sa mga batang may espesyal na pangangailangan. Plano ni Mayor Ferdie na makapagpatayo pa ng isang SPED Building para sa High School.






# ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM (ALS)

Nasa **1,814 Baliwagenyo ang matagumpay na nakatapos** sa Alternative Learning System (ALS) mula school year 2016 hanggang 2024. Maliban sa mga araling akademiko, binigyan rin sila ng pagsasanay sa Beauty Care and Nail Art Livelihood Training Program, sa pakikipagtulungan ng PESO. Nabahagian din ng kaalaman ang ALS learners sa pencil rendering, drafting, at shading sa AutoCAD, sa pakikipagtulungan ng Bulacan State University sa Bustos Campus.



# MADRASAH PROGRAM

Ipinasulong din ni Mayor Ferdie ang **Madrasah Program** na nagbibigay sa mga batang Muslim ng religious foundation sa Qur'anic recitation at Islamic values. Ang **Arabic Language and Islamic Values Education (ALIVE)** ay programang ipinatupad sa lahat ng pampublikong paaralan upang bigyan ang mga mag-aaral na Muslim ng angkop at makabuluhang oportunidad sa edukasyon, habang kinikilala ang kanilang kultural na konteksto at natatanging layunin sa pakikilahok sa mga programa.







# BTECH ANG NO.1 COMMUNITY COLLEGE

## BAGONG MGA GUSALI AT MGA EXTENSION CAMPUS NG BTECH

Kung si Mayor Romy ang nagsimula ng BTECH sa BMG Building sa Poblacion, dinagdagan naman ito ni Mayor Ferdie ng bagong campus sa Pagala, na ngayon ay may limang (5) gusali, kung saan tatlong (3) school building ang kasalukuyang ginagawa. Nagkaroon din ng kasunduan para magamit ang pasilidad ng Baliwag Cross and Flame Academy para maging BTECH Bagong Nayon Campus, at Maple Education International para naman sa BTECH Tibag Campus.








## PINALAWIG NA MGA KURSO, MATAAS NA STUDENT ENROLLEES

Patuloy ang paglaki ng populasyon ng mga mag-aaral na naka-enrol sa BTECH, dahil bukod sa ibinalik ni Mayor Ferdie ang libreng tuition fee, mataas din ang kalidad ng pagtuturo, at nagbukas rin ng mga bagong kurso, ang AB History, at BS Mathematics, BS in Business Administration Major in Business Economics, Bachelor of Science in Entrepreneurship, na karagdagan sa BS Hotel and Restaurant Management, BS Hospitality Management, BS Tourism, Bachelor of Secondary Education Major in English, Bachelor of Elementary Education, BS Information Technology, BS Accountancy, BSBA-Financial Management, BSBA-Marketing Management, and BS Accounting Information Systems, at Technical Vocational Courses. Pinaghahandaan na rin ang pagbubukas ng Graduate School Program - Masters in Public Administration, at para sa bachelors course, bubuksan na rin ang BSBA Major in Economics, BSBA Major in Customs Administration, BSED Major in Mathematics, at BSED Major in Technical Vocational and Livelihood Education.

| SUMMARY OF ENROLLMENT (2016-2024) | | |
|---|---|---|
| | 1ST SEMESTER | 2ND SEMESTER |
| A.Y. 2015-2016 | 2,339 | 2,153 |
| A.Y. 2016-2017 | 1,759 | 1,697 |
| A.Y. 2017-2018 | 1,382 | 1,363 |
| A.Y. 2018-2019 | 2,182 | 1,981 |
| A.Y. 2019-2020 | 2,882 | 2,610 |
| A.Y. 2020-2021 | 4,240 | 3,832 |
| A.Y. 2021-2022 | 5,412 | 5,098 |
| A.Y. 2022-2023 | 6,148 | 5,879 |
| A.Y. 2023-2024 | 7,105 | 6,848 |
| | 33,449 | 31,461 |

## BTECH GRADUATES, BOARD TOPNOTCHERS DIN

Ipinagbubunyi rin ng BTECH ang pagkakaroon ng dalawang topnotcher sa LET o Licensure Examination for Teachers noong 2022, sa 9th Place ay si Camille Bella Rosos, at sa 10th Place naman ay si Regine Calaguian Bravo.





# MFVE INTER BARANGAY BASKETBALL LEAGUE

Anim na taon na ang inaabangang liga ng basketball sa Baliwag, ang **MFVE Interbarangay Basketball League**, dahil na rin sa tuloy-tuloy na todong suporta ni Mayor Ferdie Estrella na sinasagot ang lahat ng uniporme ng mga manlalaro, at ang mga pa-premyo dito. Bukod pa ito sa ipinaayos niyang Star Arena na syang homecourt ng mga koponan mula sa 27 barangay, at ang level-up rin na FB live, para mapanood ito ng lahat. Narito ang mga koponan na nag-champion sa liga simula taong 2016.

| 2016 | 2017 | 2018 | 2019 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|
| Tiaong | Poblacion | San Roque | Tibag | Concepcion | Sto. Cristo |

## SPORTS PROGRAM PARA SA MGA KABATAANG BALIWAGENYO

Maliban sa basketball, isinulong din ni Mayor Ferdie ang **MFVE Interbarangay Volleyball League**, na higit na palalakasin ngayong 2024 dahil sa tumataas na bilang ng mga nahuhumaling sa larong volleyball; Para naman sa mga mahilig sa skateboarding ang **Slam Skateboarding Competition** na nilalahukan taun-taon ng 150 mahuhusay na kabataang Baliwagenyo skateboarders para sa advance, beginner, at open categories. At dahil patok na rin ang E-sports, apat na taon na rin ang ating **Mobile Legends Baliwag Star Cup** na sinimulan noong 2019. Nasa 60 teams naman ang lumalahok dito sa bawat taon ng tournament.









May programa rin para sa mga potential athletes, ang **Summer Pinasaya Sports Clinic**, kung saan nagbibigay ng libreng pagsasanay sa basketball, badminton, combat aikido, swimming, table tennis, taekwondo, tennis, volleyball. Sa tala ng Sports Development Office, nasa **2,700** edad 6-12 ang nakinabang mula nang ito ay simulan.

Isinulong din ni Mayor Ferdie ang pagbibigay ng **Cash Incentive para sa atletang Baliwagenyo** na nagwagi sa **CLRAA Meet, at Palarong Pambansa**. Tumanggap din ang kanilang coaches ng gantimpala para sa mahusay na paggabay sa kanila.









# BIDA ANG KABATAANG BALIWAGENYO

Bilang dating lider kabataan, sinIguro si Mayor Ferdie na suportado ng kanyang pamunuan ang mga pangangailangan ng mga kabataan, ang kanilang tagumpay sa laban ng buhay, mga interes, at mga pinagdaraanang pagsubok.

Lumikha ng mga napapanahon at angkop na programa gaya ng **Saludo sa Baliwagenyo Constituent Achievers Night**, kung saan taon-taon, kinikilala ang mga pasado sa iba't ibang licensure examinations. Sila ay tinitipon para bigyang parangal sa isang Testimonial Dinner. Kasama dito ang mga bagong abogado, doktor, nurse, guro, engineer, architect, librarian, at CPA. Isa pang programa na kumikilala sa husay at galing ng mga kabataang Baliwagenyo ang **Natatanging Kabataang Baliwagenyo**, kung saan ginagawaran ng Special Citation ang 10 kabataang nagbigay ng karangalan sa ating lungsod.

Taun-taon din ay may **Baliwag Junior Officials,** na bahagi ng Leadership training sa mga kabataang Baliwagenyo, kung saan 40 lider estudyante  mula sa iba't ibang pampubliko at pribadong Junior at Senior High Schools ang pinipili  na maging Junior Officials na counterpart ng ating mga halal at naitalagang pinuno sa Pamahalaang Panlungsod sa loob ng apat na araw kasabay sa pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan.

Ang **Baliwag YouthCon** naman ginagawa rin taon-taon para talakayin ang mga napapanahong isyu ng mga kabataan, sa paggabay ng mga imbitadong eksperto.

Ang isang ihahabol pa upang maging legacy ni Mayor Ferdie ang **Baliwag Youth Code** na naglalagay ng angkop na insentibong pinansyal para sa mga nagwagi sa mga iba't ibang prestihiyosong paligsahan, at mga topnotcher sa mga licensure examinations.




Natataning Kabataang Baliwagenyo 2024



Baliwag Junior Officials 2024




Baliwag YouthCon 2023



# 17,120 TRABAHO PARA SA BALIWAGENYO

Tuloy-tuloy ang pag-alalay ni Mayor Ferdie sa mga Baliwagenyo pagdating sa paglikha ng trabaho at kabuhayan. Sa katunayan, naitala ng Baliwag PESO ang kabuuang **17,120 bilang ng Baliwagenyo** na nagkaroon ng disenteng hanapbuhay simula 2016, sa pamamagitan ng **Local and Special Recruitment Activities, Referral and Placement, Special Program for Employment of Students (SPES), Government Internship Program (GIP) at Tulong Panghanapbuhay para sa Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD).**

## "RETOOLING" PARA SA MGA MANGGAGAWANG BALIWAGENYO

Para sa upskilling at reskilling ng mga Baliwagenyos, nakipagtie-up ang PESO sa iba't ibang TESDA accredited institution kung saan **242** ang nakapag-enrol sa iba't ibang kurso sa Bread and Pastry NC II, Events Management NC II, Shielded Metal Arc Welding, Visual Graphics and Design at iba pa. Nagsagawa rin ng mga community-based skills training para sa **1,652 Baliwagenyo** na nagnanais na magsimula ng maliit na negosyo.

## IBA PANG AYUDA SA MGA MANGGAGAWA

Maliban sa trabaho, nagsagawa rin ng mga **One-Stop-Shop Processing** sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya katulad ng **Department of Foreign Affairs, Department of Labor and Employment, Department of Trade and Industry, National Bureau of Investigation, Professional Regulations Commission, Philhealth, Pag-ibig Fund, Social Security System, Philippine Statistics Office and Philippine National Police** para sa mabilis na pagpoproseso ng mga employment documents na kakailanganin ng mga nag-apply ng trabaho.



Job Fair and One-Stop-Shop Processing


Baliwag TUPAD


Dressmaking NCII Training


Gabay sa Kinabukasan Seminar

Upang higit na maihanda ang mga aplikante sa pagkakaroon ng trabaho, inilunsad din ni Mayor Ferdie ang **Gabay sa Kinabukasan** kung saan nagsasagawa ng iba't ibang seminars ang PESO tulad ng Resume Writing, Power Dressing, Job Interview Preparation, Anti-Illegal Recruitment, English Grammar Review, Labor Education, Improve Business Writing Skills, Patnubay sa Korespondensiya Opisyal, Safe Spaces Act Orientation, Ethics in the Workplace at iba pang bilang paghahanda sa kanilang pagpasok sa professional world of work. Ang mga nasabing seminars ay dinaluhan ng **20,243 na mga Baliwagenyo.**

## 2020 GAWAD PARANGAL PARA SA BALIWAG POLYTECHNIC COLLEGE

**bilang isa sa pinakamahusay na Local Higher Education Institution sa Region III**

Ang Baliwag Polytechnic College, na ipinatayo ni Mayor Romy Estrella, at pinalawig ni Mayor Ferdie sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mga in-demand na kurso, pagtatayo ng bagong campus sa Pagala, at pagpapatapos ng mga competitive graduates ay kinikilala nilang isa sa pinakamahusay na community college sa buong Central Luzon.





COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

# 2022 GAWAD PARANGAL

## BEST LOCAL COLLEGE IN PROGRAM COMPLIANCE

**Awarded by CHED**

Noong Mayo 19, 2022, kinilala ng CHED, ang BTECH bilang pinakamahusay na lokal na kolehiyo sa buong Pilipinas sa larangan ng Program Compliance.

## 2019, 2018, & 2017 MOST SUPPORTIVE MAYOR ON YOUTH PROGRAMS

Gintong Kabataan Awards by the Provincial Government of Bulacan

Bilang isang batang lingkod-bayan, ramdam ni Mayor Ferdie ang pulso ng mga kabataang Baliwagenyo, kung kaya isa siya sa mga palagiang pinararangalan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan dahil sa mga programang ipinatutupad niya sa Baliwag para sa mga kabataan gaya ng edukasyon, leadership, palakasan, skills training, at trabaho.



# MGA BAGONG NAGBUKAS NA NEGOSYO

## MULA 2017 HANGGANG KASALUKUYAN

Dahil sa kaaya-ayang business climate sa Baliwag, at ang magandang performance ng Baliwag pagdating sa Cities and Municipalities Competitiveness Index, maraming negosyo ang nagbukas, at nag-expand ng operasyon sa Baliwag. Kabilang dito ang mga sumusunod, ayon sa tala ng BPLO, na may capital investment na hindi bababa sa P5 Milyon kada taon.

| 2017 |
|---|
| INFORMATION / SALES (OFFICE) LUMINA |
| ERRICKSON FARM CORP. |
| ALFAMETRO MARKETING, INC. |
| GEOMAX MOTORS CORP. |
| EPICURAN PARTNERS EXCHANGE INC. |
| MEZZETA CONSTRUCTION |
| TERAWO JAPANESE RESTAURANT |
| FARMBREED POULTRY SUPPLY |
| ECOFUND LENDING CORPORATION |
| HONEYS VILLE APARTMENT |
| SMOOTHFLOW FOODS CORPORATION |
| THE CHAPTERS, MDSF SOCIAL HALL INC. |
| JACM EVANGELISTA GROUP, INC. |

| 2018 |
|---|
| PARAGUA PAWNSHOP AND FINANCIAL SERVICES INC. |
| MT. KAZBEK MOTOR CORPORATION |
| MT. OLYMPUS MOTOR CORPORATION |
| D'EMINENT PLACE LEASING SERVICES, INC. |
| VILLAMAR, MARISSA MARIANO |
| PRO RENAL SPECIALIST DIALYSIS CENTER CORPORATION |
| L.R. TIQUI BUILDERS, INC. |
| FRANCES REALTY AND DEVELOPMENT CORPORATION |
| MEA AMARE FOOD CORPORATION |
| BELMONTE, ERLINDA TRINIDAD |
| PRIMEWORLD LAND HOLDINGS INC. |
| 3030 DPP EXPRESS INC. |
| MARCELO, PHILIP ZAPATA |
| RIVERA-JIMENEZ TRANSPORTATION & DEVELOPMENT CORPORATION |
| PUREGOLD PRICECLUB INC. |
| HIWATIG, MARICEL LAYLAO |
| MANGALUS, RUFINO CUNANAN |
| SANTOS, ALFREDO MARIANO |
| CMP WATER CORP. |
| FORTUNE 8 GAMING AND AMUSEMENT INCORPORATED |

| 2019 |
|---|
| RI-RANCE REALTY CORPORATION |
| UNITOP GENERAL MERCHANDISE INC. |
| PLANTA IVANKA FOOD PROCESSING AND LEASING (PIFPLI)-INC. |
| UY, VINCENT SANTOS |
| ROYALE AGRIMART CORPORATION |
| NEW WORLD DIAGNOSTICS, INC. |
| NSN GROUP INC. |
| PHILIPPINE BANK OF COMMUNICATONS |
| X PAY OPC |
| NWG ALLIANCE CORPORATION |
| PUREGOLD PRICE CLUB, INC. |
| AFC SME FINANCING, INC. |
| C.M. PANCHO CONSTRUCTION, INC. |
| UNIFIED AGRI ENTERPRISE CORPORATION |
| OCCUHUB CORP. |
| LUIS, MICHAEL GOMEZ |
| ARTY FERROCAST INC. |
| SANTOS, JOHN MICAHEL CASTRO |
| VILLANGCA, MARCELO SANTIAGO |
| VICSI RIONA VIMMY FOODS CORP |




| 2020 |
|---|
| PROPERTIES INC. PROMINENCE |
| CORPORATION AUTOSPECTRUM |
| CORP. DIVIMART-TO-GO |
| MARKETING COMPANY INC. L.P.T. |
| PETROLEUM INC. JETTI |
| PHILIPPINES, INC. ALFAMART TRADING |
| ENTERPRISE CORPORATION UNIFIED AGRI |

| 2021 |
|---|
| EASTLAND REALTY CORP. TLZ |
| SUSTAINABLE SOLUTIONS INC. OIKOS |
| INTERTRADE CORP. RCS EASTERN |
| CONVENIENCE STORES, INC. ROBINSONS |
| MILTTON ABRAHAM CHUA LI |
| LAND DEVELOPMENT INC. GENNEXT |
| PETROLEUM HOLDING CORPORATION IFUEL |
| Construction And Development Corporation MGBS Extramile |
| S.S.L. 888 TRADING CORPORATION |
| KIRSTEN GAIL ADRIANO SANTOS |
| ERLYNDE FAITH LAZARO UMALI |
| DEVELOPMENT CORPORATION CUMBERLAND |
| PHILS. CORP. PETERTAISAN |
| LEANA BAUTISTA MARIANO |
| PRODUCTS AND SUPPLIES INC. ESPERANZA ENERGY |

| 2022 |
|---|
| SALES, INC. WILLIN |
| COMMUNITIES BULACAN, INC. |
| Park Homes Inc. PHirst |
| RETAILING PHILIPPINES, INC. FAST |
| HARDWARE PHILIPPINES, INC. ACE |
| SHIPPING AGENCIES INCORPORATED GOLDEN TIGER |
| MARIWASA-SIAM CERAMICS, INC. |
| FOODS CORPORATION JART SPRINGFIRE |
| INDUSTRIES CORPORATION MANCHANT |
| KEVIN KRISTOFFER CABINGAO PEIG |
| MARIA TERESA GOZON DE JESUS |
| ALLIANZ REALTY CORPORATION VSC |
| MANUFACTURING Corp. MEADOW |
| SPECS INC. PURPLE |
| FOOD CORPORATION MEA AMARE |
| PHILIPPINES INC. BRICOLAGE |
| FINANCING CORP. CYCLE |
| PHILIPPINES INC. NEOVIA |
| AND DEVELOPMENT CORPORATION BAHAMA REALTY |
| SUPERMARKET, INCORPORATED WALTERMART |







| 2023 |
|---|
| PHILIPPINES, INC. BIOSTADT |
| Properties Corp. JNP |
| FOODS INC. JBPX |
| AGENCY PHILIPPINES INC. INFINITY SHIPPING |
| Rental OPC 3Z |
| INC. OVIALAND |
| SELVEY CORP. EXPRESS |
| STEEL CORP. ZY |
| SME LOANS INC. GLOBAL |
| DIALYSIS AND DIAGNOSTIC CENTER INC. ST. ALOYSIUS |
| FRESH BAKERS, CORPORATION, SFI |
| SHEENA ERICA GO CHIOK ONG |
| RESOURCES CORPORATION EINEMAR |
| Realty OPC LMG |
| WAREHOUSE INC. OFFICE |
| FOOD CORP. DECALO |
| TRADING CORPORATION SUNNASTEEL |
| CHRISTIAN SALONGA PASAMBA |

| 2024 |
|---|
| BIOSTADT PHILIPPINES, INC. |
| WILLIN SALES, INC. |
| RI-RANCE REALTY CORPORATION |
| TLZ EASTLAND REALTY CORP. |
| PROMINENCE PROPERTIES, INCORPORATED |
| PHirst Park Homes Inc. |
| UNITOP GENERAL MERCHANDISE INC. |
| JNP Properties Corp. |
| JBPX FOODS INC. |
| OIKOS SUSTAINABLE SOLUTIONS INC. |
| FAST RETAILING PHILIPPINES, INC. |
| RCS EASTERN INTERTRADE CORP. |
| AUTOSPECTRUM CORPORATION |
| PRIMEDIC Healthcare Opc |
| ACE HARDWARE PHILIPPINES, INC. |
| ROBINSON'S SUPERMARKET CORPORATION |
| GOLDEN TIGER SHIPPING AGENCIES INCORPORATED |
| INFINITY SHIPPING AGENCY PHILIPPINES INC. |
| BUENVENUE LAND LEASING |
| MARIWASA-SIAM CERAMICS, INC. |








# TRAILBLAZING BUSINESS CENTER

Dahil kilala ang Baliwag bilang sentro ng kalakal at komersyo, ipinagawa ni Mayor Ferdie ang mala-hotel lobby ng **Baliwag Business Center** noong 2018, para maging one-stop shop sa mga negosyanteng nais mag-apply o renew ng permit. Nagsisilbi rin itong co-location ng mga agencies and public utilities  na may kinalaman sa renewal at application. Mayroon itong lounge area na may refreshments tuwing renewal season, gayundin, may function hall, at conference rooms na maaaring gamitin ng mga negosyante.

Maipagmamalaki rin sa tanggapan na ito ang automated system, na nakatugon sa ease of doing business, ang **Integrated Business Permit** ang Licensing System na ginawa ng Baliwag ICT Office, para sa episyenteng registration at generation ng mga datos, at accurate computation ng koleksyon sa business permit. Dahil din dito, garantisado ang "30 minutes or less" committed time sa pagproseso ng business permit renewal, at business application.








## MAAYOS NA KOLEKSYON NG BUSINESS PERMIT

Sa ulat ng Business Permit and Licensing Office, ipinapakita ang patuloy na pag-akyat sa koleksyon ng business permit, ito ay isang indikasyon na gumaganda ang lokal na ekonomiya sa  Baliwag sa pamumuno ni Mayor Ferdie.

| | January to December 2016 | January to December 2017 | January to December 2018 | January to December 2019 | January to December 2020 | January to December 2021 | January to December 2022 | January to December 2023 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Koleksyon sa Business Permit | **P99.46 M** | **P119.97 M** | **P128.60 M** | **P161.52 M** | **P183.69 M** | **P155.36 M** | **P 174 M** | **P213.19 M** |
| Kabuuang Bilang ng Rehistradong Negosyo | 2,529 | 3,653 | 3,845 | 3,882 | 3,847 | 3,784 | 3,895 | 4,208 |
| Nagbukas na Bagong Negosyo (NEW) | 906 | 1,107 | 911 | 691 | 616 | 607 | 652 | 711 |
| Mga Negosyong Nag-renew (RENEWAL) | 1,623 | 2,357 | 2,934 | 3,191 | 3,231 | 3,177 | 3,243 | 3,497 |
| Mga Nalikhang Trabaho | 12,160 | 14,734 | 16,349 | 18,216 | 18,616 | 18,435 | 18,629 | 20,764 |
| Kabuuang Kapital ng mga bagong Negosyo | **P371.36 M** | **P494.78 M** | **P611.97 M** | **P513.28 M** | **P475.1 M** | **P841.3 M** | **P1.7 B** | **P4.506 B** |




# NEW BALIWAG CITY PUBLIC MARKET AND MULTI-LEVEL PUBLIC TRANSPORT TERMINAL AND PARKING

Sa pagnanais ni Mayor Ferdie na masiguro na building code compliant ang Pamilihang Bayan na naitayo noon pang 1960s, ipinatatayo ngayon ang bagong **Pampublikong Pamilihang Lungsod sa Baliwag**. Ito ay may dalawang palapag at may kabuuang floor area na 12,800 sq. meter. Magkakaroon ito ng 665 stalls sa ground floor, at 631 stalls sa second floor.

Para rin maisaayos ang parking ng mga sasakyan dito, kasabay na pinagagawa ang **Public Transport Terminal and Parking** sa tabi ng pamilihan. Ito ay tatlong palapag at may sukat na 6,375 sq. meter. Ang Terminal sa ground floor ay magkakaroon ng pondohan para sa 17 TODA, at kayang paglagakan ng 87 tricycles na maaaring sakyan ng mga mamimili. Samantala, ang Parking Area sa ikalawa at ikatlong palapag ay maaaring paglagakan ng hanggang 140 sasakyan na 4-wheels, at 224 motorsiklo.










# HATID kabuhayan

## PARA SA MGA BALIWAGENYO





Inilunsad ni Mayor Ferdie ang kanyang livelihood assistance program **Hatid Kabuhayan Program**, kung saan nagbibigay ng panimula o pandagdag na puhunan sa mga Baliwagenyo na nagnanais na makapagsimula ng maliit na negosyo, o kaya ay mapalawak pa ang operasyon ng kabuhayan nila sa kasalukuyan. Umabot na sa **1,081 na Baliwagenyo**, ang nahatiran ng kabuhayan starter kits gaya ng sari-sari store, pica-pica vending, fresh fruit vending, beauty care kit, hairdressing kit, bread and pastry production kit, welding kit, rolling store, mga sangkap at gamit para sa food stalls, gamit sa pananahi at iba pa.











## FULL SUBSIDY NG CERTIFIED AT HYBRID SEEDS SA 18 AGRI-BARANGAY

Mula 2017, ibinalik ni Mayor Ferdie sa **FULL SUBSIDY** ang pamamahagi ng binhi ng palay sa loob ng dalawang cropping season (tag-araw at tag-ulan) mula sa 50-50 arrangement nang kanyang sinundan. Taun-taon, mahigit **7,200 bags ng Certified Seeds** ang ipinamahagi sa 1,400 na magsasaka. Dahil dito, tumaas ang ani ng mga magsasaka mula sa limang metriko tonelada hanggang walong metriko tonelada kada hektarya. Samantala, nasa **300-500 bags naman ng hybrid palay seeds** ang naipamahagi sa 195-500 na magsasaka. Tumaas naman sa anim na tonelada hanggang sa labing dalawang metriko tonelada ang ani ng mga nagtanim nito. At dahil dito, naitala tayo noong 2023 bilang highest rice yielder, at mula 2017 hanggang 2024, tayo naman ay hindi nawawala sa ranking na pangalawa hanggang pangatlong puwesto sa pinakamataas na ani.





## AYUDA SA MGA MAGSASAKANG BALIWAGENYO

Taun-taon, namamahagi rin ng **libreng buto ng pakwan na ipinapamahagi sa 300 magsasaka** bilang alteratibong tanim pagkatapos ng anihan ng palay.

Para patuloy na ma mapabilis ang gawain sa bukid at makasabay sa makabagong pamamaraan sa pagsasaka, namahagi ang Pamahalaang Lungsod mula sa DA para sa 17 samahan ng mga magsasaka at walong (6) samahan ng maggugulay.





| | 2017-2024 |
|---|---|
| **MAKINARYA** | |
| Shallow Tube Well | 14 units |
| 4 Wheel Tractor | 14 units |
| Combined Harvester | 15 units |
| Handtractor | 8 units |
| Dual Sprayer | 60 units |
| Plastic Crates | 90 units |
| **PUNLA** | |
| Punlang gulay (talong, sili, kamatis) | 98,135 seedlings per year (1200-1300 beneficiaries), 1,303 seed packs (1000 beneficiaries) |
| **PATABA at SOIL CONDITIONER** | |
| Biozome | 866 packs para sa 539 magsasaka kada taon |
| AMO Foliar Fertilizer | 1,732 packs sa 640 magsasaka kada taon |
| NEB Soil Conditioner | 866 packs, 541 farmers |
| Fertilizer Discount Vouchers | P24 M para sa 1,400 rice farmers (2022-2023 o 3 cropping seasons) |
| Insurance at Cash assistance | 10M (2022 mula sa Tanggapan ng Punong Lungsod) |
| **INSURANCE** | |
| Insurance para sa magsasaka ng palay at gulay | 1,300 na magsasaka kada taon |
| Insurance para sa watermelon growers | 350 watermelon growers |
| Insurance para sa mga naghahayupan | 200 farm animals kada taon |
| **ANIMAL DISPERSAL** | |
| Broiler Chicken | 11,100 kada taon |
| Ready to Lay Chicken | 2023(250 heads) |
| Baka | 74 heads |
| Kambing | 160(dispersal and redispersed) |
| Kalabaw | 15(2020), 25(2024) |
| Swine | 363 heads |







## TULONG SA MGA ALAGANG HAYOP

Nang tinamaan ng ASF o African Swine Fever ang mga alagang baboy sa bakuran (Backyard hog-raisers) noong 2019, agad na tumugon ang Baliwag para hindi na kumalat ang sakit sa baboy sa pamamagitan ng **massive depopulation sa Barangay Tarcan.** Trinabaho rin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagproseso sa **P81 Milyon pondo mula sa Department of Agriculture na ipinamahagi sa halos 1,000 magbababoy sa Baliwag** bilang kabayaran sa mga alagang baboy na isinurender para sa depopulation sa kasagsagan ng ASF sa Baliwag.

Maliban dito, nagbigay din ng **P200,000 financial assistance** sa nag-aalaga ng itik na taga Barangca na tinamaan naman ng avian flu noong 2022.





## BAKUNA KONTRA RABIS PARA SA ALAGANG ASO AT PUSA

Sa pangunguna ng Veterinary Unit ng City Agriculture Office, umabot sa **30,000 alagang aso at pusa** ang libreng nabakunahan ng Anti-Rabies Vaccine mula 2016 hanggang sa kasalukuyan. Maliban dito, narito pa ang mahahalagang serbisyo na naihatid ng Veterinary Unit para naman sa mga nag-aalaga ng hayop:

| | |
|---|---|
| **Issuance of Certification of animal health/disease and mortality** | Nasa mahigit **81** animal raisers ang nabigyan ng mga certification documents katulad ng animal health, disease at mortality na kinakailangan ng ilang mga animal raisers. |
| **Biosecurity Seminar** | Nagsagawa ng **250 Bio-Security Seminars sa taong 2019-2024** at ito ay dinaluhan ng na nag-aalaga ng baboy. |
| **Libreng Artificial Insemination para sa baka at kalabaw** | Nasa **22 ang nabigyan ng Artificial Insemination** para sa mga nag-aalaga ng hayop |
| **Free Castration para sa alagang aso at pusa** | Mula 2017, **nasa 1,088 mga alagang aso at pusa** (lalaki lamang) ang na-kapon |

















# BALIWAG CITY RICE MILL AND DRYER FACILITY

Dahil nais ni Mayor Ferdie na mapabilis ang pagproseso ng mga aning bigas ng mga magsasakang Baliwagenyo, naipatayo noong 2023 ang Baliwag Rice Mill and Dryer Facility sa tulong ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (Phil Mech), at DPWH.

Mayroon itong dalawang (2) unit ng recirculating mechanical dryer at isang (1) unit ng Multi-pass Rice mill na nagkakahalaga ng P17 Milyon. Ito ay may kapasidad na makapagproseso ng 720 million tons ng bigas kada taon.

Malaki ang naitutulong nito sa mga magsasaka para makalikha ng dekalidad na bigas mula sa kanilang mga inaning palay, at hindi na kailangan pang ibiyahe sa ibang lugar. Bukod pa dito, bumababa ang production cost dahil mas accessible sa mga magsasakang Baliwag-enyo, at nababawasan din ang tinatawag na "drying and milling losses".

Sa pag-aaral ng City Agriculture Office, makakatulong ito sa 1,800 farming and non-farming households, sa aspeto ng food security at pagbibigay ng kabuhayan at karagdagang kita.



# 20th Buntal Festival















Isa sa mga pinagpatuloy ni Mayor Ferdie ang sinimula ng kanyang ama na **Baliwag Buntal Festival**. Sa loob ng 8 taon, binigyang kulay ng Baliwag Buntal Festival ang maningning na kultura at kalinangan ng Baliwagenyo. Dito ay itinatampok ang iba't ibang aktibidad na nagpapakita ng mayabong na kultura ng lungsod, isinagawa ang patimpalak para sa naggagandahan at nagkikisigang **Ginoo at Binibining Baliwag**; maraming pagkain ang maaaring bilhin at tikman sa **Baliwag Food Park**; pagtatanghal ng musika sa **iba't ibang concert**; at **Ico and Lety Cruz Art Competition** na nilahukan ng talentadong visual artists para sa on the spot at painting categories. Itinampok din ang husay at galing ng Baliwag Furniture Designers and Makers sa pamamagitan ng **Kalupkop Furniture Exhibition**. Kabilang din ang **Obra Moda: Likhang Baliwagenyo Fashion Show** na nagtampok sa Baliwagenyo fashion designers at make-up artists.











# TURISMO SA BALIWAG

Iba ang Pasko sa Baliwag dahil sa tatlong tradisyon na sinimulan ni Mayor Romy at ipinagpatuloy naman ni Mayor Ferdie. Inaabangan at patuloy na tinatangkilik ang mga ito, hindi lamang ng mga Baliwagenyo, maging ng mga karatig bayan, lungsod at lalawigan.

### BALIWAG PASKO SA KALYE (PaSaKalye)

Ang Pasko Sa Kalye (PaSaKalye) ay ang streetdancing na ginagawa tuwing Disyembre taon-taon at nilalahukan ng mga mahuhusay na mag-aaral sa lungsod. Isa itong kapana-panabik na pagdiriwang para masilayan ang galing ng mga kabataan at saya na hatid nito sa puso ng Baliwagenyo.

### BIBINGKAHAN SA BALIWAG

Tuwing sasapit ang kapaskuhan, bida ang mga Bibingkahan sa Baliwag na matatagpuan sa Heroes Park na patuloy na tinatangkilik hindi lamang ng ating mga kalungsod, kundi dinarayo na rin maging ng mga turista, dahil sa kakaibang lasa at sarap ng mga bibingka, puto bumbong, at bicho-bicho na lutong Baliwag.





### PASKONG PASKO SA BALIWAG CHRISTMAS TREE LIGHTING

Laging espesyal ang taunang pagpapailaw sa Baliwag Christmas Tree sa Glorietta, na gawa sa mga recycled materials, at bukod sa pagbibigay ningning nito at galak sa damdamin, ipinaparating din nito ang mensahe na ang Kapaskuhan ay hindi naman kailangang magastos, ang mahalaga ay sama-sama ang pamilya, nagbibigayan at nagpapatawaran.

Kasabay ng pagpapailaw sa Giant Christmas Tree ang Paskong Paslit, kung saan 500 bata mula sa 27 barangay sa lungsod ang hinahandugan ng groceries, tokens, at food packs. Gayundin ang Wish Upon A Star, kung saan binibigyang katuparan ang 28 kahilingan ng mga Baliwagenyo, sa pakikipagtulungan ng Baliwag Tourism Council at Waltermart Baliwag.










CITIES & MUNICIPALITIES
COMPETITIVENESS INDEX

## 2-TIME 2ND MOST COMPETITIVE MUNICIPALITY IN THE PHILIPPINES

(2022, 2021)

## 3-TIME 3RD MOST COMPETITIVE MUNICIPALITY IN THE PHILIPPINES

(2023, 2020, 2019)

AWARDED BY NATIONAL COMPETITIVENESS BUREAU

Mula ika-960th na pwesto sa buong bansa sa hanay ng 1,420 munisipyo noong 2016, daan-daang hakbang ang itinalon at inilipad ng Baliwag sa Cities and Municipalities Competitiveness Index, na ngayon ay pamantayan ng mga malaking mamumuhunan sa bansa, para sa kanilang paglalagak ng puhunan, o di kaya ay pagpapalawig ng kanilang negosyo.









**SPECIAL CITATION, MOST BUSINESS-FRIENDLY LGU AWARD iginawad ng Philippine Chamber of Commerce and Industries (2020)**

**CONSISTENT NATIONAL FINALIST sa MOST BUSINESS-FRIENDLY LGU AWARD (2017, 2018, 2019, 2021, 2022)**

Sa panunungkulan ni Mayor Ferdie, ang Pamahalaang Lungsod ng Baliwag ay patuloy na kinikilala sa mga inisyatibo nito upang isulong ang business friendliness and competitiveness ng Baliwag sa pamamagitan ng mga polisiya, episyenteng sistema sa business application at renewal, at mga programa para makahikayat, at yumabong ang mga negosyo sa lugar.





# CDRRMO
## MATATAG BUILDING

Ipinatayo ni Mayor Ferdie ang gusali ng City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) sa Baliwag Government Complex. Ito ay tatawaging **CDRRMO Matatag Building** – ang bagong 24/7 operation center, kung saan nakabase ang Rescue FVE, Public Assistance and Complaint Center, Command Center at CCTV Operations, Training and Planning, at warehouse. Magkakaroon din ito ng evacuation area na may kumpletong facility gaya ng community kitchen at restroom para sa mga displaced residents kapag may kalamidad.

Maliban sa bagong gusali, pinalakas rin ni Mayor Ferdie ang kakayahan ng ating CDRRMO sa pagresponde sa kalamidad at sakuna, kung kaya bumili rin tayo ng mga makabagong kagamitan gaya ng **manual at hydraulic extrication equipment** para sa pagkuha ng mga biktimang naipit sa loob ng nayuping sasakyan kapag may vehicular accident, dalawang (2) brand new units of **automated external defibrillator** para sa cardiac arrest patient, at anim (6) brand new **cardiac monitors** gamit sa pagmonitor ng heart rate, pulse rate, blood pressure at electrical activity ng puso. May apat (4) ring dedicated **ambulance para sa Rescue FVE**. Para naman sa mga kalamidad, may ginagamit tayo na tatlong (3) **digital rain gauge** para masukat ang dami ng ulan, **brand new unit of fiber boat** na gamit sa water rescue operation, at bagong **Rescue Truck** para sa pagbibiyahe ng rescue equipment, at mga inililikas na tao.











# HIGH TECH
# COMMAND CENTER

Isa sa mga state-of-the-art projects ni Mayor Ferdie ang Command Center ng Baliwag na pinangangasiwaan ng **Baliwag City Public Assistance and Complaint Center (PACC)**. Ito ang centralized communication and control center na nagmomonitor 24/7 sa 391 CCTVs na ikinabit sa buong Baliwag para masubaybayan ang trapiko, at mga sitwasyon sa lansangan gaya ng aksidente at krimen, maging ang lagay ng flood prone areas at mga gilid ng ilog at patubig. Ilan nga sa mga kinabit ay Artificial Intelligence (Ai) aided cameras na magagamit sa pag-search, scan at detect ng vehicle plate number, at pagtukoy sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal sa pamamagitan ng facial recognition system. Nagkabit rin ng solar powered CCTV Cameras.

Maliban sa pagmomonitor ng PACC, tinutugunan din nito ang mga katanungan, kahilingan ng tulong, reklamo, at emergencies na itinatawag sa **Baliwag Hotline at Project 911**. Ang Baliwag City ang kauna-unahang LGU sa Bulacan na magkakaroon ng 911 emergency dispatch system.








## TULONG PANGKAAYUSAN AT KAPAYAPAAN SA PNP, BFP, BJMP




### BALIWAG PNP

Dahil nais ni Mayor Ferdie na visible at mabilis ang pagresponde ng Baliwag PNP, bumili ang Pamahalaang Panlungsod ng **pitong (7) serviceable Mobile PNP Patrols, dalawang (2) Motorcycles, at 12 handheld radio**, na ginagamit sa iba't ibang operasyon ng PNP kabilang ang Check Point, Oplan Katok, Oplan Sita, Oplan Bulabog, Oplan Galugad, Mobile Patrol, Beat Patrol, Barangay Visitation and Dialogue, Campaign on Anti-Illegal Drugs, Campaign on Anti-Illegal Gambling, at Serving Warrant of Arrest. Naging instrumento rin ang mga nabangit na ayuda para maitala ang improving crime solution efficiency sa Baliwag.

| | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| TOTAL CRIME VOLUME | 920 | 632 | 426 | 834 | 706 | 610 | 698 | 653 |
| CRIME CLEARED EFFICIENCY | 86.52% | 97.17% | 96.72% | 98.88% | 98.08% | 99.21% | 99.45% | 100 % |
| CRIME SOLUTION EFFICIENCY | 79.58% | 87.21% | 85.55% | 93.33% | 90.34% | 93.22% | 95.15% | 94.04 % |

Ang masigasig na kampanya ng PNP kontra droga ay nagbunga naman ng pagkakadeklara ng Concepcion, Barangka, at Catulinan bilang Drug-Cleared Barangay. Karagdagan ito sa walong naideklara mula 2018-2023, ang Pinagbarilan, Tarcan, at ang mga barangay sa bukid na Calantipay, Matangtubig, Paitan, Tilapayong, Hinukay, at Piel. Mula simulan ang laban kontra droga, may 1**1 drug cleared barangays na sa Baliwag.**

Na-upgrade na rin ang Municipal Police Station ng Baliwag, ngayon ay **Type C Component City Police Station** na. Sa tulong ni Mayor Ferdie, naipagawa rin ang Baliwag PNP Annex Building.



### BALIWAG FIRE STATION

Sa kasalukuyan, ang Baliwag Fire Station ay may dalawang (2) serviceable firetrucks na may kapasidad na 1,000 galon ng tubig. Ang **pinakabagong fire truck** ay naigawad dahil sa masugid na paglapit ni Mayor Ferdie sa mga kinauukulan, upang patuloy na mapabuti ang kapasidad ng pagtugon sa sunog.




### BALIWAG CITY JAIL

Maliban sa ipinatayong **Recreation Center at ambulansya** na ipinagkaloob sa ating BJMP upang magamit sa kanilang operasyon, katuwang din ang Pamahalaang Panlungsod para sa mga programa sa Persons Deprived of Liberty (PDL) gaya ng **Medical Care, Random Drug Testing, Voters Registration, National ID Registration, Mass Civil Wedding, free livelihood and skills training para sa mga kapamilya ng PDL, free education sa Alternative Learning System (ALS), at free education sa pamamagitan ng College Education Behind Bars ng BTECH.**






# NAGLILIWANAG NA BALIWAG



**200 poste ng LED Street Lights** ang nagbibigay liwanag sa kahabaan ng tatlong kilometro na Baliwag Bypass para sa mga nagdaraanang motorista tuwing gabi. Higit pa itong patitingkarin ng itatayong **Welcome Monument Arc** sa boundary ng Baliwag at Pulilan Bypass na dinisenyo ni Arch. Moniq Villangca. Ito na ang ating opisyal na gateway o entrada para salubungin ang mga papasok sa Baliwag.

Higit ding nagliwanag ang mga pangunahing kalsada dahil sa kabuuang ipinamahagi na **1,615 LED Street Lights** sa mga barangay ng Barangca, Calantipay, Catulinan, Concepcion, Hinukay, Matangtubig, Paitan, Piel, Pinagbarilan, Sabang, San Roque, Sto. Cristo, Subic, Sulivan, Tiaong at Tilapayong, para sa maliwanag at ligtas na kalsada.















Seal of Good Local Governance

# NATIONAL AWARDEE

## SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE (SGLG)

(2017, 2018, 2019, 2022, 2023)






Awarded by the Department of Interior and Local Government

Ang SGLG ang maituturing na pinakamataas na karangalan na iginagawad sa lokal na pamahalaan, kung saan tinatasa ang pagtugon ng LGU sa mataas na pamantayan ayon sa 10 government indicators: Financial Administration and Sustainability; Disaster Preparedness; Social Protection and Sensitivity; Health Compliance and Responsiveness; Sustainable Education; Business-Friendliness and Competitiveness; Safety, Peace, and Order; Environmental Management; Tourism, Heritage Development, Culture, and Arts; at Youth Development.

***Note: Pansamantalang hindi nagkaloob ng SGLG noong 2020 at 2021 dahil sa pandemya ng Covid 19.***




Humakot ng award ang Baliwag nitong 2023 para sa **Outstanding Performance in LGU Health Score Card, Back-to-Back (2023 and 2022) Excellence Award in Public Health Program Implementation for LGU, at 2023 MNCHN-RH Champion (Bronze)** Municipal and City Category na iginawad ng Department of Health. Isa itong patunay sa mataas na commitment ni Mayor Ferdie sa kalusugan ng mga Baliwag-enyo.



Back-to-back **(2021 and 2020) Outstanding Municipal Mayor in the field of Social Welfare and Development with the Merit of Sustainable Performance Award** na iginawad ng Association of Local Social Workers and Development Officers of the Philippines, Inc. naging batayan dito ang maraming angkop, napapanahon, at libreng serbisyo na ipinatutupad sa Baliwag para sa mga marginalized sector, o yung mga nangangailangan.




Three-years-in-a-row **(2023, 2022, 2021) Green Banner Seal of Compliance** na iginawad ng Regional Nutrition Council. Ito ay sinukat ayon sa pagbaba ng malnutrition rate sa ating lungsod, at sa matagumpay na pagpapatupad ng mga programa para sa nutrisyon ng mga batang Baliwagenyo.










# ISANG AMBULANSYA
## KADA BARANGAY

Isa sa mga pangakong tinupad ni Mayor Ferdie para sa mga Baliwagenyo ang **Isang Ambulansya Kada Barangay**, o katumbas ng 27 ambulansya, na ipinamahagi niya sa kanyang kaarawan noong nakaraang taon, 2023, para magamit ng mga nasa barangay sa paghahatid ng mga pasyente 24/7.

Meron itong kumpletong Ambulance Set-up Package with Large Cabinet, collapsible ambulance stretcher with side rails and cushion at wheels and lock with safety seatbelt, Ambu bag with resuscitator, Fire Extinguisher, Oxygen Tank with regulator and dehumidifier, oxygen mask for infant and adult, fabricated medicine cabinet and first aid kit, BP Apparatus with standard stethoscope, LED Blinker top light, red and blue lens with PA System, Spine Board with Strap, Grab hand hail stainless, LED room lights, and 220v Power Outlet, one-seater Doctor Chair with seatbelt, three-seater modified nurse seat with seatbelt, partition between driver and rear passenger, at IV Bottle Holder with stainless steel shafting.

# PROGRAMA PARA SA OSCA



Masarap tumanda sa Baliwag, lalo na nang maupo si Mayor Ferdie at pinalawig niya ang mga programa para sa mga Senior Citizens:

## BALIWAG EXPANDED LOCAL SOCIAL PENSION FOR INDIGENT SENIOR CITIZENS

Lumago ang bilang ng mga benepisyaryo sa pinalawig na **local social pension** para sa mga senior citizens na sinimulan ni Mayor Ferdie noong 2022. **Mula sa bilang na 540**, ngayon ay nasa **1,156 na ang pensionado** dito, kung saan tumatanggap ng P500 kada buwan ang ating senior citizens mula sa ating Pamahalaang Lungsod. Bukod dito, nasa **1,156 rin ang senior citizens** na naitala sa listahan ng DSWD ang tumatanggap din ng kaparehong halaga na mula naman sa pamahalaang nasyunan. Sa 2025, magkakaroon ng karagdagang 540 slots na makatatanggap ng 500 pension kada buwan.

## BIRTHDAY TREATS FOR SENIOR CITIZENS

Maraming senior citizens ang nakatanggap ng **birthday treats** para sa pagdiriwang ng kanilang kaarawan. Nakapag-avail sila ng **P300 mula sa partner food chains na Jollibee at McDonald's** para mas pasayahin ang kanilang espesyal na kaarawan.





## PAMASKONG HANDOG PARA SA MGA SENIOR CITIZENS

Taon-taon, pinahahatid ni Mayor Ferdie sa kani-kanilang tahanan ang **Christmas Grocery Packs** para sa ating senior citizens, maging sa mga persons with disability o PWD, at solo parents.




## PAGDIRIWANG NG FSCAB ANNIVERSARY AT FILIPINO ELDERLY WEEK

- **Tuwing Pebrero** ay naglalaan tayo ng isang espesyal na araw para ipagdiwang ang **Federation of Senior Citizens Association of Baliwag (FSCAB)** na ngayon ay nasa ika-31 taon na ng pagkakatatag. Ang programa ay tinawag na "Kasama Kang Tumanda" na nagiging espesyal na gawain na rin nila para sa Araw ng mga Puso.
- Tuwing unang linggo naman ng Oktubre ay ipinagdiriwang natin ang **Filipino Elderly Week**, kung saan ay nagpapakitang-gilas ang ating senior citizens sa kani-kanilang talento.











## SUPORTA PARA SA PERSONS WITH DISABILITY (PWD)

Suportado ni Mayor Ferdie ang sektor ng PWD na umabot na sa 4,061 ayon sa database ng Person with Disability Affairs Office (PDAO). Hangad niya na patuloy na maisulong ang mga benepisyo, equal opportunities, at inclusivity. Kaya naman, pinalakas niya ang samahan ng Pedersayon ng PWD sa Baliwag na katuwang sa pagtukoy ng mga ankop at napapanahong programa at serbisyo sa kanila kabilang ang patuloy na pagpapatud ng:

- Provision of Assistive Devices para sa pang-araw-araw na buhay.
- Provision of Livelihood Assistance and Skills Training para sa hanapbuhay.
- PWD Mini Olympics upang ipakita ang kakayahan ng mga PWD.
- Disability Prevention Seminar upang maiwasan ang mga kapansanan.
- Capacity Development Activity for Barangay PWD Presidents.
- Pamaskong Handog na Food Pack.










## SUPORTA PARA SA SOLO PARENTS

Ipinaramdam ni Mayor Ferdie na hindi nag-iisa ang mga solo parents sa Baliwag, na ngayon ay may bilang na 1,437, ayon sa database ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO). Gaya ng ibang sektor, pinalakas din at sinusuportahan ang pederasyon ng solo parents, na tinatawag na Solo Star ng Baliwag, sa pagbuo ng mga programa at serbisyo para sa kanilang sektor gaya ng:

- Provision of Livelihood Assistance and Skills Training
- Capacity Development Activity for Barangay Solo Presidents.
- Solo Parent Welfare Week Celebration.
- Referral for Educational Assistance at Scholarships of Solo Parents' Children.
- Pamaskong Handog na Food Pack.




# BAGONG BALIWAG LYING-IN AND MATERNITY CLINIC

Ipinagawa ni Mayor Ferdie noong 2018 ang bagong **Baliwag Lying-in and Maternity Clinic** sa harapan ng RHU 1, para maka-pagbigay ng libreng serbisyo sa panganganak 24/7. Maliban sa panganganak, kasama rin sa serbisyo ang **free prenatal check-up**, hanggang **post-natal care** para sa mga ina at kanil-ang sanggol.

| PERCENTAGE IN POPULATION | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kumpletong bakuna para sa 1 taon gulang | 98% | 99% | 100% | 107% | 100% | 106% | 103% | 97% |
| 2 bakuna ng tetanus toxoid para sa nanay na buntis | 96% | 98% | 100% | 105% | 92% | 108% | 94% | 146% |
| Higit sa 4 natal na pagbisita sa nanay na buntis ng Rural Health Midwives | 97% | 99% | 98% | 109% | 92% | 106% | 146% | 150% |

















# BALIWAG CITY HEMODIALYSIS CENTER

Pinasinayahan noong ika-44 kaarawan ni Mayor Ferdie taong 2023, ang **Baliwag City Hemodialysis Center**, na matatagpuan sa entrada ng Baliwag City Government Complex sa kahabaan ng DRT Highway. Ito ang kauna-unahang Public-Private-Partnership project para sa healthcare sa buong Central Luzon. Ang bagong health facility na ito ay maituturing na state-of-the-art dialysis center dahil taglay nito ang 16 na bago at modernong dialysis machines, at isang maayos at episyenteng sistema ng patient registration and monitoring para masiguro na naihahandog ang quality health care na **ZERO-COST o libre para sa mga Baliwagenyo**, partikular ang mga nasa marginalized na sector. Sa tala ng City Health Office, **nasa 125 Baliwagenyo na ang pasyente na nabibigyan ng libreng dialysis**, nasa dalawang shifts na rin ang operasyon nito mula nang ito ay buksan sa publiko.





# ZERO MALNOURISHED SA BALIWAG

Abot kamay na ang pangarap ni Mayor Ferdie na Zero Malnourished para sa mga munting mamamayan ng Baliwag dahil sa mga repormang ipinatupad sa nutrisyon para sa mga batang 0-59 buwan, katumbas ay limang taon pababa. Dahil dito, No. 1 na ang Baliwag sa nutrition ranking sa buong Bulacan, at sa hanay ng mga lungsod sa Central Luzon mula sa pinakahuling pwesto na dinatnan noong 2016.

Kabilang sa ipinatupad ang **Dietary Supplementation Program** para sa mga batang malnourished, at ang feeding program para naman sa mga buntis na kulang sa inaasahang timbang. At simula ng maging lungsod, sinimulan rin ang **Preventive Feeding Program** para naman sa mga batang 6-23 buwan, upang maiwasan ang irreversible malnutrisyon sa kanilang edad.




Patuloy din ang pamamahagi ng **Micronutrient Powder Supplementation** para masiguro na nakukuha ng mga bata ang mga mahahalagang bitamina at mineral. Pinaigting din ang **Latch on Baliwag**, ang kampanya sa mga ina para sa pagpapasuso o breastfeeding sa mga bagong silang na sanggol.






Samantala, bilang tugon din sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga batang overweight at obese, isinulong ni Mayor Ferdie ang paglalagay ng mga **community playgrounds** sa mga barangay at public elementary schools, at **Larong Pinoy** sa High FVE Caravan sa Barangay upang mahikayat ang mga bata at kanilang mga pamilya na magkaroon ng active play. Nagsimula ang proyektong ito nitong 2023 at lahat ng 23 (100%) public elementary schools ay nalagyan na ng laruan habang nasa pitong (7) daycare centers naman ang mayroon ng laruan.

Ang pinakabagong proyektong inilunsad ngayong 2024 ang **Mobile Kusina** ng na naghahatid ng hot meals sa mga barangays na nasalanta ng kalamidad o sakuna. Sa mga regular na araw, naghahatid naman ito ng libreng almusal at nutri-packs para sa mga bata, buntis at mga senior citizens tuwing High FVE Caravan sa Barangay.










# HATID KALINGA PROGRAM

Hindi lang namimigay ng libreng gamot, hinahatid pa ang maintenance drugs ng door-to-door sa pamamagitan ng **Hatid Kalinga Program** na inilunsad ni Mayor Ferdie noong 2016. Personal na inihahatid sa mga lolo at lola sa 27 barangay ang mga gamot para sa hypertension, diabetes, at cardiovascular diseases, kasabay ang pagmomonitor sa tamang pag-inom at kondisyon ng mga pasyente sa pamamagitan ng Hatid Kalinga Booklet. Sa tala ng City Health Office, mula 654 noong 2016, nasa **6,097 na ang bilang ng naka-enrol** sa programang ito.











## ANIMAL BITE TREATMENT CENTER

Pinalawig ni Mayor Ferdie ang libreng serbisyo sa **Baliwag City Animal Bite Treatment Center** na matatagpuan sa RHU 1. Mula sa dalawang libreng saksak, isinagad n ani Mayor Ferdie sa apat ang libreng saksak para sa kumpletong anti-rabies vaccinations. Sa tala ng City Health Office, nasa **20,485 Baliwagenyo** ang nakatanggap ng libreng bakuna kontra rabis simula 2017.

| | 2027 | 2018 | 2019 | 2020 | 2021 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng nabigyan ng libre at kumpletong bakuna kontra rabis | 1,265 | 2,194 | 3,050 | 3,010 | 2,385 | 2,789 | 3,935 |

## BALIWAG BLOOD CENTER

Katuwang ang **Philippine National Red Cross**, kung saan, isa sa mga director an in ani Mayor Ferdie na si **Mommy Sonia**, binuksan ang **Baliwag Blood Station** noong 2017 upang gawing accessible ang ligtas na dugo para sa mga Baliwagenyo, lalo na sa oras ng emergencies. Dahil dito, maraming nanganib na buhay ang nadugtungan. Pinaigting din nito ang kultura ng boluntaryong pagdo-donate ng dugo. Mula 2017, nakalikom ng halos **5,600 blood bags** mula sa regular blood donation drives na pinangunahan ng City Health Office.





## BARANGAY DALAW:
### KALINGA SA PASYENTENG BALIWAGENYO

Upang tunay na maipadama ang kahulugan ng Serbisyong May Malasakit, nasa **314 (2022-2024)** na Baliwagenyong nabibilang sa severely-ill indigent at nangangailangan ng atensyong medikal ang binisita ni Mayor Ferdie sa kanyang Barangay Dalaw: Kalinga sa Paseyenteng Baliwagenyo simula nang simulan ang Programang High FVE sa barangay. Personal na iniaabot ni Mayor ang tulong pinansyal, gamot at pagkain, kamustahin ang kanilang kalagayan, at bigyan ng iba pang tulong para sa kanilang patuloy na gamutan o hospitalisasyon.











## AGAPAY KAY NANAY

Para naman palakasin ang programa sa pamilya, inilunsad din ni Mayor Ferdie ang **Proyektong Agapay Kay Nanay**, para sa batang ina at buntis. Mula nang ito ay sinimulan, umabot na sa 211 (2023-2024) ang personal na pinuntahan, sa pangunguna ng maybahay ni Mayor Ferdie na si Mayora Jonnah Estrella, kasama ang City Health Office at Nutrition Office. Maliban sa kamustahan, nagbibigay rin ng mga payo sa maternal at infant care, family planning, at mga programa sa pamilya gaya ng Libreng Kasal, Binyag, Edukasyon, Skills Training at Kabuhayan. Personal ding inaabutan ng tulong pinansyal, gamot at pagkain, maging mga gamit para sa batang isisilang.

| KAAGAPAY NI NANAY | | |
|---|---|---|
| | **2023** | **2024** |
| TOTAL NUMBER OF BENEFICIARIES | 77 | 134 |
| **TOTAL:** | ***211*** | |



# LIBRENG PABAHAY SA PIEL

Nasa **30 bahay** ang naipatayo ni Mayor Ferdie katuwang ang CFC-ANCOP sa kanyang Proyektong Pabahay na **Starville 4** sa Brgy Piel. Ito ay karagdagan sa 190 units na naipatayo naman ng kanyang amang si Mayor Romy para sa Starville 1, 2, at 3 sa mga barangay ng Piel, Hinukay, at San Roque. Patuloy pa rin si Mayor Ferdie sa paglapit sa pamahalaang nasyonal, para sa **socialized housing project** upang mabigyan ng disenteng pabahay ang nasa 2,200 informal settler families sa Baliwag. Itinatag ni Mayor Ferdie ang tanggapan ng **Baliwag Local Shelter and Resettlement Unit** upang tutukan ang programa sa pabahay.







# BALIWAG BALAY SILANGAN REFORMATION CENTER

Sa loob ng walong taon, umabot na sa **549 reformees** ang matagumpay na nakatapos ng Reformation Program sa binuksang **Baliwag Bahay Pagbabago Reformation Center** noong 2016. Kilala ito ngayon bilang Balay Silangan Reformation Center at accredited facility ng PDEA mula 2020. Isa na lang ito sa mga natitirang operational, at nag-iisang facility na may three-month reformation program, kung saan ang mga reformees ay sumasailalim sa counseling, value formation at spiritual activities, skills and livelihood training gaya ng eco-farming, organic mushroom farming at paggawa ng lubid at tinapa; may art and music therapy rin, Family Day at Sportsfest.










# PAMAMAHAGI NG BIGAS TUWING PASKO

Isa sa mga pangakong tinupad ni Mayor Ferdie kapag naging lungsod na ang Baliwag ay ang pamamahagi ng bigas sa mga pamilyang Baliwagenyo, isang beses kada taon, bilangPam-askong Handog sa lahat ng mga Baliwagenyo sa 27 barangay.

Sa tala ng Community Affairs Office, nasa **66, 263 ang bigas na tig-10 kilo** ang naipamahagi sa bawat pamilya noong 2023. Kaya sa isang tahanan, maaaring dalawa o tatlo ang natanggap nilang bigas, depende ito sa rehistradong bilang ng pamilya nila. Noong 2022, namahagi rin ng bigas, umabot naman sa **56,534 pamilya ang nabigyan**.



## ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATIONS (AICS)

Sa loob ng 8 taong termino ni Mayor Ferdie, **libo-libong kababayan natin ang napagkalooban ng tulong sa iba't iba nilang pangangailangan** sa pamamagitan ng AICS Program o Assistance to Individual in Crisis Situation ng Community Affairs Office. Sila ang mga kababayan natin na lumalapit para makahingi ng gamot, makapag-palaboratoryo, makahingi ng tulong pinansyal para sa hospitalisasyon, makahingi ng tulong para sa namatayang kapamilya, at matulungan para sa bakuna sa mga indibidwal na nakagat ng alagang aso o pusa.

**ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATION SUMMARY 2016-2024**

| YEAR | MEDICINE | LABORATORY | FINANCIAL | BURIAL | ANIMAL BITE | TOTAL |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 2016 | 1,553 | 1,358 | 1,358 | | 1,781 | 6,050 |
| 2017 | 2,162 | 2,668 | 870 | | 3,202 | 8,902 |
| 2018 | 1,898 | 3,513 | 1,630 | 412 | 5,277 | 12,730 |
| 2019 | 2,551 | 3,639 | 2,125 | 769 | 7,227 | 16,311 |
| 2020 | 629 | 2,545 | 973 | 660 | 4,294 | 9,101 |
| 2021 | 809 | 3,293 | 1,754 | 997 | 359 | 7,212 |
| 2022 | 865 | 4,319 | 2,577 | 816 | 1,934 | 10,511 |
| 2023 | 1,543 | 6,521 | 2,910 | 860 | 3,599 | 15,433 |
| 2024 1st Sem | 1,001 | 4,320 | 2,076 | 511 | 2,020 | 9,928 |
| TOTAL: | 13,011 | 32,176 | 16,273 | 5,025 | 29,693 | 96,178 |









## LIBRENG BINYAG, KUMPIL, AT KASALANG BAYAN

Dahil mahalaga sa buhay ng tao ang sakramento ng binyag, kumpil, at kasal, isinulong din ni Mayor Ferdie ang libreng pagtanggap ng tatlong sakramento na ito. Maliban sa libreng gastos sa pagkain, at registration, nagpapasunod rin si Mayor Ferdie ng munting handog sa mga tumanggap ng sakramento. Sa tala ng Baliwag Local Civil Registry, narito ang bilang ng mga magsing-irog na pinagtibay ang pagsasama dahil sa kasal, gayundin ang mga batang nabasbasan sa pamamagitan ng binyag at kumpil.

| | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 | 2022 | 2023 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kasalang Bayan | 75 | 67 | 65 | 46 | | 64 |
| Binyagang Bayan | | 254 | 140 | 96 | 42 | 88 |
| Kumpilang Bayan | | | | | | 58 |

*Note: Panahon ng pandemya ang 2020-2021, kung kaya hindi nakapagtala ng Kasalang Bayan.*







# COVID RESPONSE




## TAGUMPAY LABAN SA COVID-19

Sa pagtungtong ng ikalawang termino ni Mayor Ferdie, isang malaking pagsubok sa kanyang buhay at pamumuno ang kanyang hinarap nang tumama ang pandemya ng Covid-19. Sa personal niyang buhay, siya ang unang punongbayan sa Pilipinas na tinamaan ng Covid-19, at tinaguriang si Patient 152.

Tulad ng ibang lingkod bayan, sinubok din ang kanyang pamumuno sa panahong ito na buhay at kaligtasan ng lahat ay nakataya. Subalit nanaig kay Mayor Ferdie ang Serbisyong May Malasakit, kung kaya kinilala ang Baliwag na isa sa mga LGU na may pinakamahusay na Covid-19 Response sa Digital Gov Awards, Galing Pook Awards at UP Manila para sa kanilang Gawad Kilos Komunidad kontra Covid.

**Narito ang ilan sa mga ipinatupad sa Baliwag para pagtagumpayan ang Covid-19:**

- Maayos na roll-out ng **Libreng Bakuna sa Covid-19** para sa lahat.
- **Libreng swab at antigen test** para sa mga close contact na natukoy sa contact tracing.
- Pamamahagi ng **Food pack para sa Covid-19 patients**.
- Pagbuo ng **Iamsafe QR Code at App** para sa digital pass at episyenteng contact tracing.
- Tulong sa mga medical at government frontliners gaya ng **Libreng Sakay, Vitamins, Masks, PPEs, at alcohol.** Nagbigay rin ng **hazard pay at insentibo** sa government at barangay frontliners.
- **Regular na disinfection** sa mga lansangan at pampublikong lugar.
- Umabot sa **285,000 Food Packs** kada pamilya ang naipamahagi, katumbas ay five waves of distribution sa panahon ng ECQ. Dagdag pa dito ang libreng almusal sa pamamagitan ng **Almushare at Pandeshare**.
- Bumuo ng **Covid Telemed** na hotline para sa E-Consulta ng mga Covid patients at closed contacts.
- Para sa mga OFW, binuo ang **OFW Concierge, Libreng Sundo for OFWs.**
- Para sa mga pasyenteng kailangan ring magpagamot gaya ng Dialysis Patients, binuo ang **Patient Transport Service System.**
- Namahagi ng financial assistance na **P1,000 hanggang 5,500 sa lehitimong kasapi ng TODA and JODA**. Bukod dito, nagrecruit din ng TODA para sa **Baliwag Delivery Services** kapartner ang SM Hypermarket, Puregold, at Savemore; Nag-hire din ng 255 TODA para sa **TUPAD emergency employment.**
- Binuo ang **Hatid Kabuhayan Program** para sa 70 displaced and disadvantaged workers.
- Binuo ang **Mobile Palengke at Rolling Stores**.
- Ipinatupad ang **Bayanihan Gulayan** para isulong ang urban gardening at abot-kamay na pagkain sa lamesa.
- Bumuo ng **Joint Inspection and Assessment Team** para mamonitor ang kondisyon ng mga manggagawa sa kanilang mga kompanya sa Baliwag, at masiguro ang pagsunod ng mga kompanya sa safety protocols.
- **Pag-aasikaso sa pagpapalibing** ng mga pasyenteng namatay sa Covid, maliban pa sa financial assistance at debriefing services para sa mga kapamilya.
- Para sa kaayusan, **24/7 pagpapatrol ng PNP at force multipliers**; Pagpapaigting ng seguridad sa border control.
- Nakipagpartner sa Internet shops para sa **Internet Voucher System** na gamit sa Blended Learning.
- Pagpapatupad ng **SB Resolution 22 - Pagpapalawig sa Deadline sa pagbabayad ng mga loan at rental, at pagpapaliban sa pagtataas ng renta.**

Manila Bayanihan
Para sa KALINISAN







# 2023 HALL OF FAMER
## MANILA BAYANI AWARD

Iginawad ng Department of Interior and Local Government.
(2019, 2020, 2021, 2022)

Ang Baliwag ang kauna-unahang bayan na ginawaran ng Hall of Famer Award dahil sa maayos na implementasyon ng mga programa sa solid at liquid waste management.
















# YES TO BALIWAG CITY

Mula sa pangarap na inilatag sa kanyang Shared Vision para sa Baliwag noong 2016, ganap na naging lungsod ang Baliwag noong Disyembre 17, 2022. Ang Baliwag ang ika-148 na lungsod sa Pilipinas, at ang ikalawa sa pinakabatang lungsod sa bansa. Tayo rin ang ika-4 na lungsod sa Bulacan.

Kaakibat ng pagiging lungsod, tumaas sa higit P300 M ang National Tax Allotment, o ang dating tinatawag na IRA, kung kaya umabot na sa higit P1 Bilyon ang ating taunang pondo para sa mga programa at serbisyong handog ng Pamahalaang Lungsod.

## MAAYOS NA PANGANGASIWA SA PANANALAPI - ANNUAL BUDGET, LOCAL REVENUE, ASSET, COA OPINION




Mula 2016 hanggang sa kasalukuyan, ang Baliwag ay patuloy na ginagawaran ng Seal of Good Financial Housekeeping, nangangahulugan ng maayos na pangangasiwa sa pondo ng lungsod.

**Table 1.** Pataas ang ating local revenue generation, mula sa episyenteng koleksyon ng mga buwis at fees, ayon sa datos ng City Treasury Office.

| Fiscal Year | Total Actual Collection (Locally Sourced Income) |
|---|---|
| 2016 | **Php 208,381,766.12** |
| 2017 | **Php 248,731,391.35** |
| 2018 | **Php 261,862,800.26** |
| 2019 | **Php 334,853,068.95** |
| 2020 | **Php 334,786,476.44** |
| 2021 | **Php 337,067,799.20** |
| 2022 | **Php 371,978,298.85** |
| 2023 | **Php 442,026,564.59** |
| 2024 (as of May 2024) | **Php 373,771,814.09** |








**Table 2.** Pataas ang ating Annual Budget para pondohan ang mga programa at libreng serbisyong ipinagkakaloob sa mga Baliwagenyo, ayon sa datos ng City Budget Office

| Fiscal Year | Approved Annual Budget |
|---|---|
| 2016 | **Php 403,931,468.84** |
| 2017 | **Php 459,260,486.00** |
| 2018 | **Php 524,116,122.50** |
| 2019 | **Php 593,769,084.10** |
| 2020 | **Php 638,186,613.75** |
| 2021 | **Php 644,064,750.00** |
| 2022 | **Php 790,989,866.00** |
| 2023 | **Php 1,121,466,661.20** |
| 2024 | **Php 1,158,071,254.00** |

Table 3. Pataas rin ang "asset" o pag-aari ng lokal na pamahalaan, ayon sa datos ng City Accounting Office. Ibig sabihin, maayos ang ating asset and property inventory, at maayos rin nating nailalaan ang ating pondo sa mga pag-aari na tumataas ang value. Kasama rin sa asset ang mga bumababang pondo galing sa national government. Ang kabuuang asset ang sukatan na ginagamit, para maituring na mayaman ang isang LGU.

| Fiscal Year | Total Assets |
|---|---|
| 2016 | **Php 550,316,822.22** |
| 2017 | **Php 588,640,854.30** |
| 2018 | **Php 933,354,123.75** |
| 2019 | **Php 1,000,314,010.90** |
| 2020 | **Php 1,093,110,410.24** |
| 2021 | **Php 1,191,384,267.05** |
| 2022 | **Php 1,341,030,376.94** |
| 2023 | **Php 1,871,026,847.33** |



# High FVE sa Barangay year7







Bilang dating Punong Barangay, ang High FVE sa Barangay ang maituturing na flagship project ni Mayor Ferdie Estrella, kung saan inilapit niya ang napakaraming serbisyo ng Lokal na Pamahalaan sa mga taga-barangay, para tipid sa pamasahe.

Walang sinumang bayan sa bansa ang nakapagbaba ng napakaraming programa at libreng serbisyo natin sa Baliwag gaya ng Assistance to Individuals in Crisis Situation para sa libreng gamot, laboratory, at tulong pinansyal, may Medical at Dental Check-up, Mobile X-ray, Libreng Salamin at Eye Consultation, Late Birth Certificate Registration, Registration para sa Kasalan at Binyagang Bayan, ID Registration for Senior Citizen, PWD, and Solo Parent, Libreng Ligation, Pamamahagi ng Nutri Packs at Dietary Supplies, Libreng Bakuna kontra Rabis para sa alagang aso at pusa, Pamamahagi ng buto at punla ng gulay, Job Fair, SSS Registration, Bilis Pasaporte, Katipunan ng Kabataan Registration, Larong Pinoy, Palit Basura Store, Hatid Kabuhayan, Barangay Dalaw, Kaagapay ni Nanay, ZumBaliwag, Mobile Kitchen para sa Libreng Hot Meals, Alagang Estrella para sa libreng gupit, manicure, pedicure at facial, at Talentadong PTA.








| | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 | 2022 | 2023 | 2024 | TOTAL |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| KABUUANG NATULUNGAN | 19,138 | 19,647 | 19,248 | 23,196 | 22,972 | 13,575 | 14,344 (as of June 2024) | 132,120 |

*Note: Dahil sa lokal na halalan para sa barangay at SK, kung kaya hindi natapos ang pag-ikot sa 27 barangays noong 2023.*



## PROGRAMA NG TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD


World Bank and Indonesian Government Benchmarking


Tolosa, Leyte Benchmarking



## BALIWAG CITY, "BENCHMARK LGU" SA BANSA

Mula 2016 hanggang ngayon, maraming LGUs, paaralan, at institusyon ang dumayo sa Baliwag para sa benchmarking ng best practices o mahuhusay na programang ating ipinapatupad. Kabilang dito ang Pamplona, Cagayan; Floridablanca, Pampanga; Balagtas, Bulacan; Gumaca, Quezon Province; Bacnotan, La Union; Bayugan City, Agusan Del Sur; Bulusan, Sorsogon; Legazpi City, Albay; Orion, Bataan, Malay, Aklan; Burauen, Leyte; Tolosa, Leyte; Surigao Province; Balagtas, Sta. Maria, San Miguel, Guiguinto, at Plaridel sa Bulacan. Isinama rin tayo sa kanilang pag-aaral ng Bulacan State University, UP NCPAG and SURP, at PUP Manila; maging ang, World Bank and Indonesian Government.


Burauen, Leyte Benchmarking



Malay, Aklan Benchmarking



2024 Dangal ng Baliwag



Barangay BIDA


Serbisyong May Malasakit Partners' Night

## PAGKILALA SA HUSAY AT AMBAG SA BALIWAG

Hindi lang naman ang lokal na pamahalaan ang nagpakita ng husay at galing, maraming indibidwal at organisasyon ang naglevel-up din, kung kaya binuo ni Mayor Ferdie Estrella ang tatlong Awards Program gaya ng **DANGAL NG BALIWAG**, na pinasimulan ng kanyang amang si Mayor Romy Estrella, upang kilalanin ang mga natatanging anak ng Baliwag na nagtagumpay at nagpatanyag sa lahing Baliwagenyo; **BARANGAY BIDA** naman ang programa para kilalanin ang mga mahuhusay na inisyatibo, mga opisyal, at volunteer worker sa barangay; **SERBISYONG MAY MALASAKIT PARTNER'S NIGHT** ang programa para kilalanin at pasalamatan ang Top 20 Business Tax Payers, sa dalawang kategorya- sole at corporate proprietorship, at ang mga indibidwal at samahan na nagbahagi ng panahon, lakas, talino, talento, at tulong pinansyal sa iba't ibang gawain ng Pamahalaang Lokal.

# BARANGAY AT EDUCATION SUMMIT,

## KAPIT BISIG SA SERBISYONG MAY MALASAKIT

Sa walong taon na pamumuno ni Mayor Ferdie, isinulong niya ang participatory governance, upang maisama ang tinig ng dalawang malalaking institusyon, ang barangay at mga nasa sektor ng edukasyon sa planong pangkaunlaran ng Baliwag. Bilang dating kapitan, isinulong niya ang **Barangay Summit**, na taon-taon ay ginagawa para mailatag at masiguro na magkakahanay at naaayon ang programa at proyekto ng mga barangay sa prayoridad ng Pamahalaang Lungsod. Ginagabayan rin ang mga barangay sa financial management, disaster preparedness and management, environment management, social protection, at peace and order upang itaas pa ang kaalaman ng mga nanunungkulan sa iba't ibang aspeto ng kanilang mga tungkulin na dapat gampanan sa pamahalaan at taumbayan.












Sa **Education Summit**, inilalatag naman ang estado ng pampublikong edukasyon, at ipinaaalam sa mga stakeholder ang plano o direksyon para mapataas ang kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral na Baliwagenyo. Nag-iimbita rin ng mga eksperto para magabayan ang lokal na pamahalaan sa mga programa at proyekto nito.















# BALIWAG BILANG SENTRO NG TECHNOLOGICAL ADVANCEMENT

